

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Konseho ng Bokasyonal na Pagsasanay

Ang Konseho ng Bokasyonal na Pagsasanay (Vocational Training Council, VTC) ay ang pinakamalaking tagapagbigay ng bokasyonal at propesyonal na edukasyon at pagsasanay (vocational and professional education and training, VPET) sa Hong Kong. Ang VTC ay naghahandog ng komprehensibong pre-employment at in-service na mga programa sa pagsasanay na sumasaklaw sa isang malawak na hanay ng mga disiplina tulad ng applied science, negosyo, pag-aalaga ng bata, mga serbisyo para sa matanda at sa komunidad, design, engineering, hospitality at information technology, nagbibigay ng buong suporta sa mga sektor na haligi ng ekonomiya at umuusbong na mga industriya sa Hong Kong

Mga Serbisyon
May Kinalaman

- Naghahandog ang VTC ng malawakang hanay ng programang VPET. Upang matiyak na ang VPET ay pwede sa kahit anumang lahi, may mga natatanging konsiderasyong ipinatupad upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong magkakaibang lahi.

Umiiral na Mga
Panukala

- Mga nakalaang programang VPET para sa mga mag-aaral na di-nagsasalita ng Tsino (non-Chinese speaking, NCS)

Naghahandog ang VTC ng mga nakalaang programa sa mga kabataang NCS at mga may hustong gulang upang matugunan ang kanilang mga sari-saring pangangailangan sa pagsasanay. Kabilang sa mga programang ito ang mga kursong diploma sa negosyo, design, hospitality at automotive technology para sa mga nakapagtapos ng sekundarya, Mga Kursong Applied Learning para sa mga mag-aaral na magtatapos sa sekundarya, Mga Programang Vocational Development para sa mga kabataang walang-pinagkakaabalahan, maiikling kursong bokasyonal na Tsino at mga kasanayang bokasyonal.

- Pagtanggap ng mga alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Tsino

Kung saan ang isang programa ay nangangailangan ng partikular na pamantayan sa Wikang Tsino ng Diploma ng Sekundaryang Edukasyon ng Hong Kong (Hong Kong Diploma of Secondary Education, HKDSE) para makapasok, isasaalang-alang ang alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Tsino o ang resulta ng HKDSE Applied Learning Chinese.

- Mga serbisyon suporta

Ang mga mag-aaral na NCS ng mga programang pre-employment ay binibigyan ng sari-saring mga serbisyon suporta upang tulungan silang makayanang mabuti ang pag-aaral at umangkop sa buhay sa campus. Kabilang sa mga serbisyon ito ang suportang akademiko

at kaalaman, mga gawain upang itaguyod ang integrasyon sa mga lokal na mag-aaral at sa komunidad at suportang pagpapayo at pagpapaalala para sa artikulasyon at pagpapaunlad ng karera.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

- Ipagpapatuloy ng VTC ang pagpapanatili at pagtataguyod ng mga patakaran sa pagkakapantay-pantay at makikipagtulungan sa mga organisasyong hindi-pampamahalaan at mga sekundaryang paaralan na naglilingkod sa mga taong magkakaibang lahi upang matiyak ang katuturan ng mga hinahandog na mga programa.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipinatupad/
Ipatutupad

- Upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa pangkaalaman at pantrabahong kapaligiran nito, ang VTC ay nagbalangkas ng mga patnubay para sa sanggunian ng mga yunit ng pagpapatakbo nito.
- Patuloy na mag-aayos ang mga sesyon sa pagsasanay at pagbabahagi para sa mga kawani at mag-aaral upang madagdagan ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi.
- Patuloy na magsasagawa ang VTC ng mga gawain upang itaguyod ang pagsasama ng mga kultura at mapadali ang integrasyon sa pagitan ng mga mag-aaral na may magkakaibang lahi.
- Ang nakatalagang komite ng VTC ay magpapatuloy sa pagsusubaybay sa pagpapatupad ng mga panukalang nakasaad sa itaas.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa aming Nakakataas na Opisyal/Punong tanggapan (Mga Serbisyong Akademiko) ng VTC sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : 2836 1766
Fax : 2574 3705
Email : vtchqas@vtc.edu.hk
Adres sa Koreo : 14/F VTC Tower, 27 Wood Road, Wanchai, Hong Kong

[Paunawa:

- 1. Sa kaso ng anumang pagkakaiba sa pagitan ng bersyon sa Ingles at sa ibang mga wika, ang bersyong Ingles ang mananaig.*
- 2. Para sa mga katanungan sa mga programa at serbisyo, pangkalahatang serbisyong interpretasyon / pagsasalin sa pagitan ng Ingles at 8 iba pang mga wika (iyon ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Tagalog, Thai, Urdu, Vietnamese at Punjabi) ay maibibigay kung hihilingin.]*

**Konseho ng Bokasyonal na Pagsasanay
Mayo 2020**